# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 24, 2022, LUNES, IKA-9:36 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |

DI-DUMALO: May karamdaman

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 020822 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 08 FEB 2022 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 151-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN PARA SA PAGLILIPAT (REALIGNMENT) NG PONDO NA MAY HALAGANG DALAWANG DAAN TATLUMPUNG LIBO APAT NARAAN DALAWAMPU'T TATLONG PISO AT SIYAMNAPU'T DALAWANG SENTIMOS (Php230,423.92) MULA PERSONAL SERVICES NG TANGGAPAN NG PAMBAYANG TAGAYA - MUNICIPAL ASSESOR SALARY NA MAY HALAGANG Php234,204.00 PATUNGO SA OVERTIME PARA SA MGA KAWANING NAGTRABAHO NG LAMPAS SA TAKDANG ORAS NG NAAAYON SA TUNTUNIN AT REGULASYON NG BATAS.**

**SAPAGKAT**, may pagliliwat mula kay G. Melvin O. Bonza, Pambayang Administrador sa atas ng Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis na may petsa Nobyembre 16, 2021 na humihiling ang Tanggapan ng Pambayang Tagataya na makapaglipat at makapagdagdag ng laang gugulin mula Personal Services – Municipal Assessor Salary na may halagang P234,204.00 tungo sa Overtime na may halagang Php230,423.92 para sa mga kawaning nagtrabaho ng lampas sa takdang oras;

**SAPAGKAT,** ang nabanggit na kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Mabuting Pamamahala, Pampublikong Asal at Pampublikong Pananagutan para sa kanilang pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri ay inirekomendang pagtibayin ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ramon D. Tan, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony P. Joven at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Supplemental Investment Plano para sa Paglilipat (Realignment) ng pondo na may Halagang Php230,423.92 mula sa Personal Services ng Tanggapan ng Pambayang Tagataya – Municipal Assesor Salary na may halagang P234,204.00 patungo sa Overtime para sa mga Kawaning nagtrabaho ng lampas sa takdang oras ng naayon sa Tuntunin at Regulasyon ng Batas.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan / kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Tagataya, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 24, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
02-04-2022